Republic of the Philippines
Province of Oriental Mindoro
MUNICIPALITY OF BULALACAO

# OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

*Municipal Building, Poblacion, Bulalacao, 5214, Oriental Mindoro*

HALAW SA KATITIKAN NG REGULAR NA PAGPUPULONG NG SANGGUNIANG BAYAN NG BULALACAO, ORIENTAL MINDORO NA GINANAP NOONG IKA-31 NG AGOSTO, 2021 SA SANGGUNIANG BAYAN SESSION HALL

**MGA DUMALO:**

| | |
|---|---|
| Kgg. Ramon G. Magbanua | Tagapamanihala ng Pulong |
| Kgg. Dexter R. Gonzales | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Dennes M. Faner | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Edezer F. Aceron | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. German S. Acosta | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Kieven E. Cantos | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Jess V. Sapungan | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Elpidio N. Contreras, Jr | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Edwin C. Aceron | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Enrico C. Villas | Pangulo, Liga ng mga Barangay |
| Kgg. Tulay M. Caring | IPM Representative |
| Kgg. Kim Jonh Elco E. Cantos | SK Federation President |

**HINDI NAKADALO:**

**WALA**

x- - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - -x

## KAPASYAHAN BLG. 21-08-256

**KAPASYAHANG HUMIHILING SA MALAMPAYA FOUNDATION INCORPORATED BILANG KABALIKAT NG LOKAL NA PAMAHALAAN NG BULALACAO NA MAGSAGAWA NG MGA PAGSASANAY AT PAG-AARAL PARA SA PAGPAPATIBAY NG ISANG KAUTUSAN NA NAGTATAKDA NG MGA REGULASYON SA INDUSTRIYA NG PANGISDAAN SA BAYAN NG BULALACAO, ORIENTAL MINDORO**

**"SAPAGKAT,** ang munting Bayan ng Bulalacao ay matatagpuan sa dulong bahagi ng Lalawigan ng Oriental Mindoro, walo sa labinlimang barangay nito ay mga baybaying barangay na kung saan ang pangunahing kabuhayan ng mga tao dito ay nasa industriya ng pangisdaan at pagdadagat;

**"SAPAGKAT,** sa kasalukuyan ang mga mangingisda ng Bulalacao ay malayang nakakapangisda sa kabuuan ng nasasakupang katubigan ng bayan, sapagkat ang mga panghulong/pangulong mula sa ibang bayan at ibang komersyal na sasakyang pandagat para sa pangingisda ay mahigpit ng pinagbabawal, ito ay alinsunod sa pagsasagawa ng mga pambayang ordinansa na naglalayong masustina at mapalago ang lokal na pangingisda ng mga Bulalacaonon;

**"SAPAGKAT,** ang Sangguniang Bayan ng Bulalacao ay nagsusulong ng isang panukalang kautusan na magbibigay ng maayos at epektibong regulasyon kung saan ito ay magtatakda ng mga alintuntunin, pangangalaga at pamamahala sa industriya ng pangisdaan at yamang-pangkatubigan ng Bayan ng Bulalacao;

**"SAPAGKAT,** ang pagpapatibay ng panukalang ito ay nangangailangan ng pagsasagawa ng mga pagsasanay at pag-aaral mula sa mga ahensya ng pamahalaan at mga organisasyon na mayroong sapat na kaalaman at kasanayan ukol sa pagkakaroon ng matagumpay na regulasyon sa alinmang pangisdaang pambayan; Kung kaya't dahil dito…

Scanned with CamScanner

**PINAGPASYAHAN PA GAYA NG GINAWANG PAGPAPASYA NA;** Humiling sa Malampaya Foundation Incorporated bilang kabalikat ng Lokal na Pamahalaan ng Bulalacao na magsagawa ng mga pagsasanay at pag-aaral para sa pagpapatibay ng isang Kautusan na nagtatakda ng mga regulasyon sa industriya ng pangisdaan sa Bayan ng Bulalacao, Oriental Mindoro,

**SA MUNGKAHI** nina SB Member Edezer F. Aceron at SB Member Elpidio N. Contreras, Jr. na pinangalawahan nina SB Member Dennes M. Faner at SB Member Jess V. Sapungan, ang kapasyahang ito ay...

**PINAGTIBAY":**Agosto 31, 2021 Bulalacao, Oriental Mindoro.

---

**KGG. DEXTER R. GONZALES**
Sangguniang Bayan Member

**KGG. DENNES M. FANER**
Sangguniang Bayan Member

**KGG. EDEZER F. ACERON**
Sangguniang Bayan Member

**KGG. GERMAN S. ACOSTA**
Sangguniang Bayan Member

**KGG. KIEVEN E. CANTOS**
Sangguniang Bayan Member

**KGG. JESS V. SAPUNGAN**
Sangguniang Bayan Member

**KGG. ELPIDIO N. CONTRERAS, JR.**
Sangguniang Bayan Member

**KGG. EDWIN C. ACERON**
Sangguniang Bayan Member

**KGG. ENRICO C. VILLAS**
Pangulo, Liga ng mga Barangay

**KGG. TULAY M. CARING**
IPM Representative

**KGG. KIM JONH ELCO E. CANTOS**
SK Federation President

**NAGPAPATUNAY SA KATOTOHANAN AT KAWASTUHAN:**

**PERLITA L. PAZ**
Kalihim ng Sanggunian

**SINAKSIHAN:**

**KGG. RAMON G. MAGBANUA**
Pangalawang Punong Bayan/Tagapamanihala ng Pulong

**PINAGTIBAY:**

**KGG. ERNILO C. VILLAS**
Punong Bayan
Petsa ng Nilagdaan: Sept 13, 2021

070921/PLP/jpc/admm

Scanned with CamScanner